# Maistratehiyang Balangkas

Te Korowai Whetū
Social Cohesion

## Social Cohesion Guide

## Social cohesion sa Aotearoa New Zealand

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng paraan sa pagsukat ng progreso tungo sa mga kalalabasan o resulta na nais nating makita para sa social cohesion sa Aotearoa New Zealand.

Ang pagsulong ng mga kalalabasang ito sa social cohesion ay magpapalapit sa ating matupad ng ating pangkalahatang mithiin o pananaw na isang Aotearoa New Zealand kung saan ang "mga tao, pamilya, whānau at komunidad ay magkakasamang umuunlad".

Malalaman natin kung tayo ay sumusulong nang mabuti sa social cohesion sa pamamagitan ng pagtatasa sa trabahong ginagawa natin ayon sa sumusunod na limang pahayag ng kalalabasan:

1. Ang mga tao, whānau at komunidad ay may ugnayan at dama na sila ay kabilang
2. Ang mga tao, whānau at komunidad at handa at kayang makilahok
3. Ang mga tao, whānau at komunidad ay kasali at dumaranas ng pagkakapantay-pantay
4. Ang mga tao, whānau at komunidad ay kinikilala kung sino sila at iginagalang ang iba
5. Ang mga tao, whānau at komunidad ay may tiwala sa isa't isa at sa mga pampublikong organisasyon.

Layunin natin na magbigay ng positibong mga sagot sa bawat isa sa mga pahayag na ito batay sa ating ginagawa. Ang lakas ng mga sagot na ito ay tutulong sa pagsukat ng progreso tungo sa ating pangunahing pananaw (na "ang mga tao, pamilya, whānau at komunidad ay magkakasamang umuunlad").

Gagawa rin tayo ng pagsulong sa ating pananaw sa social cohesion sa pamamagitan ng pagsisikap na gawing mas ligtas, inklusibo at mapagsuporta ang mga lugar kung saan naninirahan, nagtatrabaho at naglalaro ang mga tao. Kabilang dito ang pagsisikap na gawing mas patas ang mga sistema at serbisyo sa ating lipunan at kayang tumugon sa iba't ibang mga pangangailangan at isyu.

Ang pagpaplano at pag-o-organisa ay mahalaga para sa tagumpay, kaya nais nating ituon ang ating gawain o mga aksyon sa social cohesion sa anim na pangunahing mga bahagi:

1. Diskriminasyon o ang kakaibang pagtrato sa mga tao dahil sa etnisidad, edad, kasarian, kapansanan, sekswalidad o iba pang mga pagkakaiba
2. Positibong mga oportunidad para sa mga magkakaiba-ibang grupo upang makipag-ugnayan at makihalubilo
3. Pakikilahok sa mga mahalagang aktibidad gaya ng pagboto, pagtatrabaho o edukasyon, at iba pa
4. Kagalingan at mga hadlang sa kagalingan
5. Pagiging inklusibo at parehong mga pinahahalagahan
6. Pagprotekta sa ating lipunan at kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon.

Nais din natin na ang ating gawain o mga aksyon sa social cohesian sa bawat isa sa anim na bahaging ito ay gabayan ng apat na prinsipyo.

1. Matatag na pamunuan at kahandaang sumubok ng mga bagong bagay
2. Pamumuno ayon sa mga mithiin at pangangailangan ng mga komunidad
3. Kakayahang bumagay at kinikilala ang mga pagkakaiba ng mga tao
4. Inklusibong mga datos at pananaliksik na mas mahusay na sasalamin sa mga tunay na pangangailangan

Ang ating gawain o mga aksyon ay dapat ding gabayan ng Te Tiriti o Waitangi, na nagbibigay ng matatag na pundasyon para sa pagpapalakas ng social cohesion sa Aotearoa New Zealand.

Ang pagpaparangal sa Te Tiriti o Waitangi ay tutulong sa ating pagbuo ng tiwala sa mga komunidad upang magkasama tayong magtulungan upang makamit ang pantay-pantay at patas na mga kalalabasan, lalo na sa buong anim na pinagtuunang bahagi.

Sa kabuuan, ipinapaliwanag ng dokumentong ito ang istratehiya na gagabay sa ating gawain sa social cohesion sa Aotearoa New Zealand.

Te Korowai Whetū
Social Cohesion